

Mga pagbabago sa mga kontribusyon sa imprastraktura

Ang impormasyon para sa komunidad tungkol sa iminungkahing mga pagbabago sa mga kontribusyon sa imprastraktura

Sinasagot ng dokumentong ito ang mga madalas itanong tungkol sa mga pagbabago sa mga kontribusyon sa imprastraktura na iminungkahing gawin ng Pamahalaang NSW. Ang mga iminungkahing pagbabago ay itinatanghal na ngayon para sa mga komento ng publiko.

Ano ang mga kontribusyon sa imprastraktura?

Ang mga kontribusyon sa lokal na imprastraktura, na kilala rin bilang mga kontribusyon ng developer, ang magbabayad para sa mga imprastraktura tulad ng mga parke, mga pasilidad sa komunidad, mga lokal na kalsada, mga daanan ng tao, paagusan ng tubig-ulan at pamamahala ng trapiko.

Naghahatid ang Pamahalaang NSW ng walang-katulad na pamumuhunan sa mga imprastraktura upang mapanatiling konektado ang ating mga komunidad at kumikilos ang ating ekonomiya.

Upang suportahan ito, pinapabuti rin namin ang sistema ng mga kontribusyon sa imprastraktura upang gawin itong mas madaling maunawaan at hindi pabago-bago. Kailangan nating tiyakin na ang lokal na imprastraktura ay nakakaagapay.

Mayroong isang mas mahusay na paraan upang maihatid ang lokal na imprastraktura, upang matiyak na nakukuha ng komunidad ang kailangan nito upang umunlad. Ginagawa naming mas mahusay ang sistema.

Ang aming mga pagbabago ay naghahatid ng imprastrakturang kailangan natin upang suportahan ang mga bagong bahay sa paraang malinaw at hindi pabago-bago para sa komunidad at industriya.

Ang mga independiyenteng eksperto ay bumuo ng plano sa pagreporma ng sistema ng mga kontribusyon sa imprastraktura. Kami ay gumagamit ng mga rekomendasyong ito upang mapabuti ang sistema at gawin itong mas patas para sa lahat.

Paano ito nakakaapekto sa akin?

Lahat ng mga developer, konseho (councils) at Pamahalaang NSW ay mag-aambag upang maihatid ang mga imprastrakturang kinakailangan upang matustusan ang mas maraming bahay.

Ang modernisasyon ng mga sistema ng kontribusyon sa imprastraktura ay magtataguyod ng pamumuhunan sa mga pampublikong imprastraktura upang makapaghatid ng magagandang lugar at madagdagan ang suplay ng pabahay.

Ngayon ang oras upang mapakinabangan ang pagkakataon na minsan lang sa isang dekada upang mabago nang husto ang sistema ng mga kontribusyon sa imprastraktura at matiyak ang pangmatagalang mga benepisyo para sa NSW.

Ang pamahalaan ay nakatuon sa paghahatid ng mga reporma sa sistema ng mga kontribusyon sa imprastraktura upang lumikha ng isang mas napapanahon, mas tiyak, at walang kinukubling (transparent) sistema ng pagpapalano.

Ang mga pagbabagong ito sa sistema ng mga kontribusyon sa imprastraktura ay maaaring magkamit ng hanggang \$12 bilyong mga benepisyo sa pagiging produktibo sa susunod na 20 taon sa pamamagitan ng mga pagbabago sa paraan ng pagpopondo sa pampublikong imprastraktura.

Ano ang kahulugan ng mga pagbabagong ito para sa komunidad?

Pinupuntirya ng mga pagbabago ang mga konseho at mga developer. Ang direktang mga pampinansyal na epekto sa komunidad ay maliit lang (minimal).

Makikinabang ang komunidad sa pamamagitan ng pinabuting paghahatid ng imprastruktura at mas mahuhusay na mga lugar. Titiyakin ng binagong sistema ng mga kontribusyon na ihahatid ang tamang imprastruktura sa tamang panahon at sa tamang lugar upang suportahan ang ating lumalaking mga komunidad.

Ang mga pagpapabuting ito ay magbibigay sa komunidad ng higit pang pagtitiwala sa mga sistema ng pagpapalano at paghahatid ng imprastruktura.

Magbigay ng iyong palagay

Ang mga iminungkahing pagbabago sa mga kontribusyon sa imprastruktura ay itinatanghal na ngayon para sa pagkomento ng publiko.

Bisitahin ang website ng Pagpapalano para sa karagdagang impormasyon at magbigay na iyong palagay.

www.planning.nsw.gov.au/contributions-reform

Dadalhin ka ng link sa itaas sa isang web page na nasa Ingles.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga kontribusyon sa imprastruktura

- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kontribusyon sa imprastruktura at kung paano magbibigay ng iyong palagay, [bisitahin ang website ng Pagpapalano](#)
- Para sa mga katanungan sa patakarán, mangyaring makipag-ugnay sa pangkat ng Patakarán sa mga Kontribusyon sa Imprastruktura sa infrastructure.contributions@planning.nsw.gov.au

Tulong sa wika

Kung kailangan mo ng tulong sa pagsaling-wika ng mga web page o sa materyal sa wikang hindi Ingles, maaari mong ma-access ang serbisyo sa pagsasaling-wika at pag-interpret.

- Tumawag sa **13 14 50** at humiling ng serbisyo ng interpreter sa iyong wika.
- Hilingin na maiugnay ka sa **1300 305 695**.

Mula sa mga nakapirming telepono, ang halaga ay katulad ng isang lokal na tawag. Ang mga tawag mula sa mga mobile ay sisingilin sa mga rate ng mobile.

© Estado ng New South Wales sa pamamagitan ng Kagawaran ng Pagpapalano, Industriya at Kapaligiran 2021. Ang impormasyon na nakasaad sa lathalaing ito ay batay sa kaalaman at pagkaunawa sa oras ng pagsulat (Oktubre 2021). Gayunpaman, dahil sa mga pagsulong ng kaalaman, dapat tiyakin ng mga gumagamit na ang impormasyong pinagkatiwalaan nila ay napapanahon at dapat alamin kung pangkasalukuyan pa ang mga impormasyon mula sa naaangkop na opisyal ng kagawaran o independiyenteng tagapayo ng gumagamit.